Joint Press Release
from Contra Costa County District Attorney
and the Bay Area Air District

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Pebrero 19, 2026

CONTACT SA CONTRA COSTA DA: Ted Asregadoo, Opisyal sa Impormasyon ng Publiko, 925-957-8638, ted.asregadoo@contracostada.org

MAKIPAG-UGNAYAN SA DISTRITO NG HANGIN NG BAY AREA: communications@baaqmd.gov

Nakakuha ang Magkasamang Pag-uusig ng Abogado ng Distrito (District Attorney, DA) at Distrito ng Hangin ng $10M mula sa Martinez Refining Company

MARTINEZ, Calif. – Ang magkasamang pag-uusig ng Abogado ng Distrito ng Contra Costa at Distrito ng Hangin ng Bay Area ay nagresulta sa $10 milyong multa laban sa Martinez Refining Company, kasama ang mga pagpapabuti sa pagsunod sa refinery nito sa Martinez, at $600,000 na kabayaran para sa pagpapagaan ng epekto para sa mga karagdagang proyektong pangkapaligiran.

Pinirmahan ni Hukom Benjamin T. Reyes, II ang pinal na hatol noong Pebrero 18, 2026. Ang kaso ay kinasasangkutan ng ilang paglabag na naganap sa refinery ng MRC na matatagpuan sa 3495 Pacheco Boulevard sa Lungsod ng Martinez at sa unincorporated na County ng Contra Costa sa pagitan ng unang bahagi ng 2020 at huling bahagi ng 2024, kabilang ang mga paglabag sa ilalim ng kodigo sa kalusugan at kaligtasan, kodigo sa negosyo at mga propesyon, at kodigo sa pangingisda at paghuli ng mga isda.

Ang reklamo ay nag-ugat sa mga paglabag sa loob ng apat na taon, kabilang ang paglabas ng nagamit nang catalyst noong 2022 Thanksgiving Day ng MRC na bumalot sa mga bahagi ng Martinez sa puting parang abo na substance. Kabilang sa iba pang malaking paglabag ang ilegal na flaring, sunog, mga tangkeng tumatagas, mga amoy na nakakaabala sa publiko sa downtown Martinez, at mga paglabas ng “coke dust” -- isang pulbos na produkto ng pag-refine ng langis -- na kumakalat nang lampas sa bakod ng refinery patungo sa mga kalapit na ari-arian. Ang mga paglabag ay inilarawan sa 163 paunawa ng paglabag na inisyu ng Distrito ng Hangin.

Hindi kasama sa aksiyong ito ng pagpapatupad ang sunog noong Pebrero 1, 2025 sa refinery ng MRC. Tinutugunan ng Distrito ng Hangin ang insidenteng iyon sa pamamagitan ng hiwalay na aksiyon sa pagpapatupad.

Sinabi ng Abogado ng Distrito na si Diana Becton na, “Karapatan ng mga residente ng Martinez na makaramdam na ligtas sila sa kanilang mga komunidad. Ang aksiyong sibil na ito ay nagpapanagot sa Martinez Refining Company para sa maraming paglabag, nagpapatupad ng pagsunod sa batas, at nagpapatibay sa dedikasyon ng aming

tanggapan sa pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng lahat ng available na legal na paraan, kabilang ang aksiyong sibil."

Ang multang $10 milyon ay ipapamahagi ayon sa sumusunod:

- $6.35 milyon sa Distrito ng Hangin, na karamihan ay muling ipupuhunan sa mga kapaki-pakinabang na proyekto sa Martinez at mga nakapalibot na lugar na naapektuhan ng mga paglabag na ito sa ilalim ng Patakaran sa Pondo Mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin
- $3.5 milyon sa Pangkapaligirang Unit ng Tanggapan ng Abogado ng Distrito para sa mga pagsisikap sa pagpapatupad
- $100,000 sa Contra Costa Health Services
- $50,000 sa Kagawaran ng Isda at Wildlife ng California

Bukod pa sa $10 milyong multa, magbabayad din ang MRC ng $600,000 para sa pagpapagaan ng mga epekto upang pondohan ang mga karagdagang proyektong pangkapaligiran. Kabilang sa mga pagbabayad na ito ang:

- $450,000 para sa mga sistema ng filtration ng hangin sa mga pampublikong paaralan malapit sa Martinez Refinery Company
- $100,000 sa Certified Unified Program Agency para sa mga scholarship ng regulator ng kapaligiran
- $50,000 sa Pondo para sa Community Propagation Fund ng County ng Contra Costa upang mapahusay ang mga mapagkukunan ng isda at wildlife ng county

Bukod dito, hinihiling ng hatol sa MRC na baguhin kung paano nito pinapatakbo ang catalytic cracking unit nito upang mapanatiling gumagana ang mga pangunahing kagamitan sa pagkontrol ng emisyon sa panahon ng mga operasyon ng pagsisimula at shutdown. Hinihiling din sa kumpanya na magkabit ng mga pinahusay na system sa pagsubaybay sa mga emisyon sa iba't ibang piraso ng kagamitan.

"Ang aksiyon sa pagpapatupad na ito ay sumasalamin sa malalaking paglabag sa kalidad ng hangin at naglilinaw na mandatoryo ang pagsunod sa mga batas sa kalidad ng hangin," sabi ni Alexander Crockett, ang general counsel ng Distrito ng Hangin. "Ang multang kinokolekta ng Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng aksiyong ito ay tutulong sa mga lokal at panrehiyong proyekto na nagpapabuti sa kalidad ng hangin at kalusugan ng publiko sa ilalim ng aming Patakaran sa mga Benepisyo ng Komunidad. Sa pamamagitan ng mahigpit na pagpapatupad, natitiyak na may pananagutan habang ibinabalik sa mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon ang mga mapagkukunan."

Kabilang sa mga abogadong nag-uusig sa kaso ang Deputy na Abogado ng Distrito na si Bryan Tierney; Assistant na Abogado ng Distrito na si Stacey Grassini; at Assistant na Counsel ng Distrito ng Hangin na si Brian Case.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na may responsibilidad sa pagprotekta sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa siyam na county ng Bay Area. Kumonekta sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, X, Instagram at YouTube.

###